KAWASAKI CITY
川崎市

**Ulat Balita ng Kinatawan ng Kongreso para sa Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki**

**Isyu bilang: 53**

Pinamamatnugutan at inilathala ng:Tanggapan ng pantao at Pagkakapantay-pantay Ng Kasarian kawanihan ng Kapakanan ng mga mamamayan at Bata Tanggapan ng Lungsod ng Kawasaki  Petsa ng paglathala: Marso 31, 2015

（Wikang Hapon）http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html

（Madaling salitang Hapon）http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html


# Sumali sa Pista ng mamamayan ng Kawasaki

Ngayong taon, ang kawani ng mga dayuhang mamamayan ay muling dumalo sa ika-37 pista ng mamamayan o Shimin Matsuri na ginanap noong ika 1 hanggang ika 3 ng Nobyembre.

Sa kabila ng malakas na ulan at sobrang lamig sa unang araw nito, ang aming tent ay naging mainit sa pamamagitan ng pagbibigay ng mainit na tsaa at pagpapalaro ng “SAKANA TSURI” sa mga bata upang lalong mas patibayin ang pakikipagugnayan sa mga bisitang dumating. Sa palarong sakana tsuri, nilagyan ang hugis isdang supot ng mga gamit pam paaralan, snacks at mga kagamitan sa panahon ng emerhensya ng mga kawani.Tuwang tuwa ang mga bata nang damputin ang kanikanilang pamingwit at makikita ang kasiyahan sa kanilang mga mata sa nasabing palaro.

Sa ikalawang araw naman ay naging isang mapayapa at ma-araw na tag-sibol.Dagdag sa pagpapa-inom  ng tsaa mula sa iba’t ibang bansa at palarong pamimingwit, Naghanda rin ang mga kinatawan ng panel board kung saan naglalarawan ang mga gawain ng mga kawani sa mga nakaraang taon. Isa pang nakakatuwa ay ang pagsali ng mga ito sa parada suot ang kanilang mga katutubong damit, pagpapalipad ng lobong sabon (syabon dama) at pagtatanghal ng iba’t iba pa na nagbigay-tuwa sa mga nanonood sa gilid ng kalsada.



Sa taong ito, lubos na pinasasalamatan ang lahat ng dumalo sa aming tent. Sana’y hindi lamang sa ganitong panahon ng pista tayo magkita-kita kundi sana ay makasalamuha din kayo sa mga pang-araw araw na pamumuhay.

（Sonoda Izumi Beatriz）

# Pistang multi-kultural sa Saiwai

Ang pistang multi-kultural ng Saiwai noong ika 8 araw ng Nobyembre (Sabado)ay muling ipinagdiwang. Ang mga dayuhang kinatawan ng pagpupulong ay sumali sa ibentong ito upang i PR ang nalalapit na open forum nung ika 16 ng Nobyembre, sa pamamagitan ng pagbibigay ng world quiz at palarong jangken kung saan nakapag panayam sa mga mamamayan.



Sa ibento, may mga tsaa ng bansang hapon, intsik at kanlurang amerika, may mga origami at pagsasanay sa pagsusulat o shodo. Sa stage naman ay mga katutubong awiting kung tawagin ay  “MINYO”  at ibat ibang genre ng sayaw. Isa sa mga katutubong sayaw na malakas ang impact sa isipan ay ang sayaw ng Bolivia. Kahit umuulan, hindi nagpatalo ang karamihan sa mga bisita upang pasayahin ang ibento. Sana sa ibang lugar din magkaroon at mas dumami pa sana ang ganitong pagkakataon.

（Gong Minsuk）

# 〈Idinaos ang Open Forum〉

Ang Open Forum ay idinaos noong ika 16 ng Nobyembre ２０１４ sa Nakahara Shiminkan. Ang Layunin ng Open forum na ito ay upang ipakilala ang mga munkahi na tinatalakay sa loob ng pagpupulong at upang pakinggan ang mga opinion ng mga dumalo bukod sa mga opinion ng mga kinatawan.

Sa taong ito may 120 kataong dumalo kung saan ang forum ay ginanap ng alas-2 hanggang alas-5 ng hapon(3oras). Sa unang bahagi ng open forum inilahad ng kinatawang si Gong Minsuk at Edward Kezengwa ng ika 10 term ang tema ng kanilang panukala at kung paano ang kasaysayan nito sa mga nagdaang term. Sa Talatanungan (questionnaire) napag alaman na ang pagpapahayag ng kasaysayan ng mga tema sa nakaraan ay isang magandang paraan na nakatulong para maintindihan ang kasalukuyang tema. Sa ganitong paraan, napag alaman din na sa ibang anggulo may mga bagong karagdagang makakatulong sa paggawa ng magandang panukala.

Sa huling bahagi ng pagpupulong, kabilang sa mga panelista sina Hee-Sook Kim, Nakamori Julia Midori, Ping Wang at ang kasalukuyang kinatawan na si Sonoda Izumi Beatriz、Ang instructor ng Tokyo University na si Naoko Okamoto, Takashi Miyajima na coordinator ng Ochano mizu Womens University nagdaos sila ng panel discussion. Ang title ay「Ang kasaysayan ng mga dayuhang kinatawan at ang kanilang haharapin pang tema- Sa pagtuntong ng ika-10 term muling babalikan ang layunin nito」Sa ginawang panel discussion, mula sa mga taong may malaking kaugnayan sa kinatawan ng pagpupulong, Ipinahayag nila ang kani kanilang mga karanasan. Nagbigay din sila ng kanilang mensahe at payo sa mga baguhang kinatawan. Isa sa magandang nangyari ay ang napakinggan ang komento mula sa manonood na nagsasabing [Ang pagpapahayag ay narinig mismo sa salita ng mga panelistang kinatawan]maging ang pagpapalitan ng kuro-kuro at ang bahaging question and answer bagamat hindi nasagot lahat ay masasabing ito ay matagumpay. Sa susunod na taon ay magsusumikap kaming bigyan ng mas mahabang bahagi ang katanungan at paghayag ng opinyon.




Isa pa sa mga layunin ng pagpupulong ay ang pagpapalalim ng pakikipagpalitan at pakikipag ugnayan ng mga bisitang hapon at mga dayuhan. Naging isang makabuluhang pagsasalo ang naganap sa kahit maigsing panahon.

Nakisali ako sa unang pagkakataon. Sa pagpapakilala ng mga miyembro ng kinatawan sa pamamagitan ng panel discussion, nalaman ko ang kasaysayan ng pagpupulong pati na rin ang mga natitira pang tema na dapat bigyang-pansin. Bilang isang residenteng dayuhan, hindi lamang ang paghingi ng mga bagay para sa ikalulutas ng problema kundi naramdaman kong dapat akong magsumikap at makipagtulungan sa kapwa.

May mga istriktong opinyon ukol sa mga dayuhan sa pagpupulong. Sa aking bansang Alemanya isang usapin ang tungkol sa pagkakaisa ng dayuhang residente. Sa totoo lang isa itong dahilan ng aking pagparito, ang maranasang maging dayuhan. At napag alaman kong wala sa kulay ng balat, at kaibahan ng paniniwala kundi sa respeto at pagtanggap ng kaibahan bilang isang tao.

(Daniela Dittmar)

## ◇Pagpapahayag ng bawat Sub-komisyon◇

■ Sub-komisyon ng kapakanang pang-edukasyon

Sa kapakanang pang-edukasyon, hanggang sa mga pananahong ito, tinalakay ang tungkol sa pagpapalaki ng bata, paaralan, pag aalaga ng mga nakatatanda, pensyon at seguro bilang tema nito. Sa pagtatapos ng unang taon ng talakayan, sa pangalawang taon naman ay inaasahang mabuo ang pinal na panukala. Habang binigyan pansin ang mga opinyon ng manonood noong open forum, muling pag uusapan ng mga kinatawan ang tungkol dito upang buoin ng pinal ang panukala.

Sa pagbuo nito, isasa alang-alang namin ang bagay na kami ay napiling kinatawan ng dayuhang mamamayan upang bigyan ng prayoridad ang mga bagay na makakatulong sa pagbabago tungo sa pag unlad, at mapabuti ang pamumuhay ng lahat.

（Beatriz Izumi Sonoda (Sub-komisyon ng kapakanang pang-edukasyon)

■Sub-komisyon ng Panlipunang pangkabuhayan

Sa Panlipunang pangkabuhayan, nahati sa 3 tema ang panukala.

Una, tungkol sa Kaigo o care for the elderly. Mula sa direktor pinanukalang papuntahin ang mga dayuhan sa Takatsu shiminkan upang dumalo sa konsultasyon para sa paghahanap ng trabaho, pagpapa interview at pagbibigay ng impormasyon. Maaari nilang gawing gabay ito sa kanilang susunod na gawain.

Pangalawa ay ang pagsuporta para sa mga nais mag-umpisang magtayo o magbukas ng sariling hanapbuhay. Sa Lunsod ng Kawasaki,napag alaman na may [Sougyou Forum] at [Kawasaki Kigyouka juku][Sougyou shien seminar] mga paraan ng pagsuporta sa mamamayan bagamat kakaunti ang mga nangangailangan nito kaya prayoridad ang ibang panukala.

Pangatlo, ang sistema ng pensyon.Mahirap at magulo ang tungkol sa pensyon.Sa paliwanag ng direktor, medyo nakaintindi ang ilan ngunit may mga natitira pa ring katanungan sa mga ito.Isang malaking interes at malakas na panukala ang inaasahang mabubuo ukol dito.

Natapos na rin ang unang bahagi ng pagpupulong, inaasahang napabuti ang teamwork ng mga miyembro ng kawani upang pagbutihin ang natitirang panahon ng pagpupulong.

（Jialin Ren Sub-komisyon ng Panlipunang pangkabuhayan)

## Nais mong sumali at manood sa pagpupulong?

—Iskedyul ng pagpupulong sa taong 2015—

Lugar：Kawasaki International Center（10 minutos kung lakarin mula Istasyon ng Motosumiyoshi, Toyoko line）

Mapa：http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml

Oras：ng hapon hanggang alas 5 ng hapon

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Ika 1 beses** | **unang araw** | **4/26 (Linggo)** | **Ika 3 beses** | **unang araw** | **10/18 (Linggo)** |
| **Ika 1 beses** | **2nd araw** | **5/24 (Linggo)** | **Ika 3 beses** | **2nd araw** | **12/6 (Linggo)** |
| **Ika 2 beses** | **unang araw** | **6/21 (Linggo)** | **Ika 4beses** | **unang araw** | **1/17 (Linggo)** |
| **Ika 2 beses** | **2nd araw** | **9/13 (Linggo)** | **Ika 4 beses** | **2nd araw** | **2/14 (Linggo)** |

Pwedeng sumali ang kahit sinuman. Halina at makibahagi sa pagpupulong!

＊＊＊＊＊＊＊

Ang open forum ay gaga napin sa ika-15 ng Nobyembre. *wala pang lugar at oras.

## ■ Kolum: Pistang opisyal ng Mundo- Alam mo ba ang May day?

Nag-umpisa na ang panibagong term nitong buwan ng Abril kasunod na ang pinakahihintay na Gold Sa bansang hapon ay may pistang opisyal silang tinatawag na [Araw ng saligang-batas] at [Midori no hi] na wala sa ibang bansa. Ngunit may pistang opisyal din ang ibang bansa na pareho ng bansang hapon kung saan ang mga opisina at paaralan ay walang pasok. Alam ba ninyo ang tungkol sa May 1 na tinatawag na "MAY DAY?"

Ang May day ay nagsimula sa bansang Europa kung saan ipinagdiriwang nila ang anihan sa tagsibol at ang panalangin at pagdiriwang para sa mayamang ani sa tag-araw na isang malaking pista ng buwan ng Mayo. Siyempre hanggang ngayon ay patuloy pa ring ipinagdiriwang ito bilang kaugalian ng bansa. Sa kasalukuyan, karaniwan ay ipinagdiriwang ito bilang [Labour day]. Ito ay sa kadahilanang lumabas ang rebolusyong pang-industriya mga 120 taon na ang nakakaraan. Sa mga panahong iyon ay nagtatrabaho ang mga tao ng 12 hanggang 14 oras sa isang araw. Sa ganoong sitwasyon, noong ika-1 ng buwan Mayo, 1886 ay tumayo ang mga manggagawa sa bansang Amerika upang ipaglaban ang kanilang karapatang magtrabaho ng 8 oras sa isang araw at tinawag nila ang araw na ito ng "Labor Day"

Sa bansang Tsina naman ay may pistang opisyal silang 7 araw kasali na ang May day ( sa kasalukuyan ay 3 araw na lamang) Sa bansang hapon naman ay hindi gaanong pamilyar ang May day ngunit may 80 bansa ang nagdiriwang para dito.Marami pang ibat ibang pistang opisyal sa buong mundo hindi lamang ang May day. Subukan din nating suriin ang iba pang kapistahan ng bansa at tiyak na makakadiskubre kayo ng nakakatuwang bagay.

（Ye Yuancong）

◇

◆

Impormasyon mula sa Lunsod ng Kawasaki

## Pagsisiyasat sa aktwal na sitwasyon ng mga residenteng dayuhan ng Lunsod ng Kawasaki (Pagpapahayag)

Sa Lunsod ng Kawasaki, Layunin nito ang pagpapatupad ng pagbuo ng [Pamumuhay ng Multi-kultural na Lipunan] kung saan gamitin ang Nasyonalidad, lahi at mayamang kultura, tanggapin at repetuhin ang pagkakaiba ng lahat ng tao pati na ang mga karapatan bilang tao upang makapamuhay ng sarili nito. Sa Lunsod ng Kawasaki sa term ng 2014, ang lahat ng residenteng dayuhan sa loob ng Lunsod ay mapapasa ilalim ng pagsisiyasat tungkol sa kanilang kaalaman at aktwal na sitwasyon upang makatulong sa paggawa ng patakaran.

Sa gagawing pagsisiyasat, isina alang alang ang paraan ng pag asikaso ng pamahalaan tungkol sa suliraning pang araw araw na pamumuhay, medikal, seguro, pagpapalaki ng anak, edukasyon、mga aktibidad ng lokalidad , trabaho at pakikisali sa pamahalaan. Kabilang sa mga siniyasat ay mga may 18 taong gulang pataas na mga residenteng dayuhan (ang nasyonalidad ay hindi hapon) Ipinadala ito sa may 5,000 katao sa pamamagitan ng koreo, 921 ang sumagot.

Ang report matutunghayan sa home page ng Lunsod ng Kawasaki. Ito ay mahahanap din bukod sa Nihonggo, sa wikang Ingles, Intsik, Koryano, Portuges, Espanyol, Tagalog, Thailand at Vietnam.

■URL： http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-4-0-0-0-0-0-0-0.html

【Katanungan】
Tanggapan ng mga karapatang pantao at pagkakapantaypantay ng kasarian, Kawanihan ng kapakanan Ng mga Mamamayan at mga Bata sa Lungsod ng Kawasaki
1 Miyamoto-cho, Kawasaki-ku Kawasaki City 210-8577
Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod naming tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi hinggil sa News letter at Kapulungan

Ang papel na ito、ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.
R70 古紙パルプ配合率70%再生紙を使用